ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
RUN RESEARCHERS RUN
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Pagsusuri sa Komposisyon ng Pagsusulat Tungo sa Mataas na Pagganap sa Filipino 10

Julie Ann L. Regala, MAFIL
Saint Joseph Institute of Technology, Butuan City, Philippines
Corresponding Author e-mail: *julie.leria@deped.gov.ph*

**Received**: 05 December 2024 **Revised**: 28 January 2025 **Accepted**: 03 February 2025

**Available Online**: 03 February 2025

**Volume IV (2025), Issue 1, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

***Abstrak***

**Layunin**: Sa kasalukuyang panahon, kahit na umuunlad ang kakayahan ng mga kabataan sa maraming larangan, narito pa rin ang ilang hamon, lalo na sa aspeto ng pagsusulat. Madalas magkamali sa pagsusulat ng kanilang mga gawain ang mga mag-aaral na may kahinaan sa Filipino. Naglalayon ang pag-aaral na mabigyan ng masusing pagsusuri ang mga komposisyon sa pagsusulat at magbigay ng solusyon upang mapaunlad ang pagsusulat ng mga mag-aaral.

**Metodolohiya**: Gumamit ang mananaliksik ng Pagsusuri ng Kamalian (Error Analysis) bilang isang kasangkapang analitikal. Ang komposisyong sinuri ay isang sanaysay na ginawa ng mga mag-aaral. Ang pagsasaliksik na ito ay gumamit ng isang kombinasyon ng metodolohiya; parehong kwalitatibo at kwantitatibo. Ang nakuhang datos sa pag-aaral na ito ay kinuha mula sa guro. Ang datos ay nakuha mula sa mga partisipante sa pag-aaral na ito na mga mag-aaral mula sa isa sa pampublikong sekondarya sa Butuan City para sa taong 2023-2024 na kinabibilangan ng apat (4) na seksyon na kung saan nabibilang ang tatlumpu't apat (34) na mag-aaral na binubuo ng dalawampu't walong (28) lalaki at anim (6) na babae. Ang mga partisipanteng ito ay tinukoy batay sa pamantayang isinagawa ng mananaliksik na nakakuha ng markang not mastered sa mga kasanayan na nakatutok sa pagsusulat. May dalawang instrumento ang pananaliksik. Una, ang mga komposisyong nagmula sa tatlumpu't apat (34) na mag-aaral na tatayahin gamit ang isang pamantayan. Ang pamantayan ay isang tseklist na ginawa ng mananaliksik tungkol sa kung anong mga pagkakamali ang nagawa ng mga mag-aaral batay sa baybay, gamit na salita, pang-abay, pang-angkop, pangatnig, panghalip, pang-ukol, pang-uri, panlapi, at pantukoy. Pangalawa, ang panayam. Gagawin ang panayam upang masagot ang ikalawang katanungan sa pananaliksik na ito na kung ano-ano ang mga rason kung bakit nila nagawa ang mga natukoy na kamalian sa kanilang mga komposisyon. Ang mga gabay na tanong na ginamit sa panayam ay ipinakita at pinagtibay ng mga tagapagtasa upang masiguradong ito ay tama at wasto.

**Resulta:** Sa pagsusuri ng mga komposisyong isinulat ng mga partisipante, natukoy na mayroong sampung (10) uri ng kamalian sa antas ng salita. Kasama rito ang paggamit ng pang-abay, pang-uri, pangatnig, pang-ukol, panlapi, panghalip, pang-angkop, gamit ng salita, pantukoy, at maling baybay na nangunguna bilang pinakamataas na uri ng pagkakamali. Sa antas ng pangungusap naman, natukoy na may anim (6) uri ng kamalian. Kasama rito ang ayos ng mga salita, nakaligtaan (omission), aspekto ng pandiwa, pag-uulit, bantas, at paggamit ng malaking letra (capitalization) na siyang may pinakamataas na bahagdan sa lahat ng uri ng nagawang kamalian. Batay sa naging resulta ng ginawang panayam ay lumabas na may tatlong (3) mga rason kung bakit ito nagawa. Ito ay ang hindi pamilyar na salita kung saan napapaloob dito ang bokabularyo at kasanayan sa paggamit ng salita; kahandaan sa pagsusulat kung saan napapabilang ang pasibo, kasanayan sa pagsulat at pagmamadali; at ang wastong pangramatikang pagsulat kung saan napapaloob din dito epekto ng social media at gramatika at istruktura.

**Konklusyon**: Sa pamamagitan ng pagsusuri, matagumpay na natukoy ang iba't ibang uri ng pagkakamali sa antas ng salita at antas ng pangungusap na karaniwang nagiging hadlang sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Binigyang-diin din ng pananaliksik ang mga rason kung bakit nagkakaroon ng mga pagkakamali, mula sa hindi pamilyar na mga salita hanggang sa wastong pagramatikang pagsulat. Ang mga natuklasang impormasyon ay magsisilbing gabay sa pagpapabuti ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa pagsusulat. Bukod dito, makatutulong din ito sa paghahanda ng mga mag-aaral para sa mas mataas na antas ng edukasyon at sa kanilang hinaharap na mga landas sa buhay.

***Mga Susing Salita****: Pagsusuri, Komposisyon, Pagsusulat, Kamalian*



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

## INTRODUKSYON

Ang wikang Filipino ay isang makapangyarihang instrumento na naglalarawan at nagpapahayag ng yaman ng kultura ng mga Pilipino. Sa bawat salita at anyo ng ekspresyon nito, naipapahayag ang masalimuot na realidad ng mga kaugalian, tradisyon, at kasaysayan ng bansa. Ito ay nagiging tulay na nag-uugma at nagbubuklod sa iba't ibang sektor ng lipunan sa kabila ng kanilang pagkakaiba-iba.

Sa larangan ng edukasyon, ang wikang Filipino ay nagiging susi sa mas mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng sariling wika sa pagtuturo ay nagbibigay daan para sa mas malalim na pang-unawa at pag-angkop ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin. Ito'y nagpapahintulot sa kanila na makapagpahayag ng kanilang sariling kaisipan at damdamin nang mas malinaw, nagbibigay daan sa mas masusing talakayan at pang-unawa sa kanilang mga guro at kapwa mag-aaral.

Sa Pilipinas, itinuturo ang asignaturang Filipino mula elementarya hanggang sa kolehiyo. Ang asignaturang Filipino sa ikasampung baitang ay naglalaman ng mga aralin na naglalayong mapabuti ang pangkalahatang kasanayan sa wika at pagsusulat ng mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay diin sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng iba't ibang akdang pampanitikan tulad ng nobela, maikling kwento, at tula. Isa rin itong pagkakataon para palawakin ang pag-unawa sa mga isyu at suliraning panlipunan sa ibang bansa at Pilipinas at maipakita ang pagpapahalaga sa sariling wika at kultura. Pagkatapos ng ikasampung baitang, maipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at saling-akdang pandaigdig tungo sa pagkakaroon ng kamalayang global.

May maraming kahulugan ang pagsusulat ayon naman sa maraming eksperto. Ayon kina Klein & Boscolo (2016, p. 312), ang pagsusulat ay hindi isang pangkalahatang kakayahan, kung hindi isang ugnayang serye ng mga gawain na maaaring magkaruon ng produktibong epekto sa pagkaalam at pag-iisip sa pamamagitan ng pakikipag-ugma sa iba't ibang larangan ng kaalaman at konteksto ng pag-aaral.

Ang kahalagahan ng pagsusulat bilang isang mahalagang kasanayan sa wika ay nagtutulak sa pagsusuri at paghahanap ng mga epektibo at mabisang pamamaraan, paraan, at mga nilalaman upang mapabuti ang kasanayang ito sa iba't ibang konteksto naman ang paniniwala nila Bonyadi & Lachin (2018:33).

Nabanggit ni Brink (2020), na ang pagsusulat ay isang personal na gawain na naglalabas ng ating pagkakakilanlan, kahit na tayo'y wala sa aktwal na espasyo at oras. Ito'y nagbibigay daan sa pagsalaysay ng ating kaalaman, personal na mga pangarap, at mga ginagawang hakbang para sa hinaharap, na magiging tanawin para sa iba. Sa pamamagitan ng pagsusulat, naihahayag natin ang ating mga ideya sa ating sarili at sa iba, kasabay ng pangangalaga sa ating mga personal na karanasan at mga alaala. Hindi ito maaaring gawin ng iba para sa atin. Sa prosesong ito, ang pagsusulat ay nag-uugma sa atin mismo at naglalakip sa ating pagkakakilanlan. Ito ay hindi isang panandaliang gawain; ito ay nagtataglay ng permanente at malalim na ukit ng ating nais iparating sa isang partikular na punto ng oras.

Ayon kay Barrientes (2018), isang mahalagang aspeto para sa isang manunulat ang kahusayan sa pag-organisa ng mga detalye ng kanyang sinusulat. Ang mga isinulat ay naglalarawan ng kakayahan, kasanayan, at kahusayan ng manunulat sa pagpapahayag ng damdamin. Ito ang nagtatakda ng mataas na antas ng pangangailangan na matuto ang mga mag-aaral sa wastong paraan ng pagsusulat, na malinaw, makabuluhan, kawili-wili, realistic, at nakabatay sa katotohanan.

Batay sa binigay na kahulugan, maaaring sabihin na ang pagsusulat ay isang produktibong kasanayan kung saan ang mga aktibidad ay nagtutulungan upang makuha ang ideya, itayo ang mga pangungusap para maging maayos na talata sa paraang tekstuwal sa pagsunod sa mga patakaran ng wika.

Sa kasalukuyang panahon, kahit na umuunlad ang kakayahan ng mga kabataan sa maraming larangan, narito pa rin ang ilang hamon, lalo na sa aspeto ng pagsusulat. Ang pagiging di-sapat na prayoridad sa pagsusulat bilang isang pangunahing kasanayan ay maaaring maging hadlang sa maayos na pag-unlad ng kanilang kakayahan sa pagsusulat, na maaring magdulot ng limitasyon sa kanilang personal at propesyonal na pag-unlad. Isa itong "sakit" na nangangailangan ng agarang solusyon upang mapanatili ang kahusayan sa pagsusulat ng mga kabataan sa hinaharap.

Madalas magkamali sa pagsusulat ng kanilang mga gawain ang mga mag-aaral na may kahinaan sa Filipino. Kahit ang Filipino ay pormal na ipinapakilala sa mura pang edad, marami pa rin ang nagkakamali sa gramatika kahit sila ay nasa high school na ng pagsulat sa Filipino.

Ayon nga kay Bartholome 2014, ang pagkakamali ay repleksyon ng pangkaisipang aktibidad ng mag-aaral at nagsasabing ito ay may malaking kinalaman tungkol sa panloob na proseso sa produksyon ng lenguwahe. Ang


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
RUN REGEARCHERS RUN
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

pagsusuri sa mga pagkakamali ay may nakakatulong na reaksyon o tugon. Ang pagkatuto ay nakabase sa tuloy-tuloy na paghahayag at tamang pagpapalagay, ang pagsubok at susog na ideya sa kanila.

Sa kabilang dako, mahalaga ang pagtulong sa mga mag-aaral na maunawaan at maipatupad ng wasto ang pagsusulat sa Filipino. Kapag hindi nauunawaan ng mga mag-aaral ang proseso ng pagsusulat, maaaring hindi nila maabot ang inaasahang kalidad ng kanilang gawain. Kaya't ito'y isang napakahalagang hakbang na suriin ang kanilang mga sinusulat. Sa pamamagitan nito, magiging mas malinaw sa kanila ang mga konsepto at magkakaroon sila ng pagkakataong masanay at mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsusulat.

Ang mga kamalian ng mga mag-aaral ay dapat pag-aralan at suriin upang alamin ang kanilang mga kahinaan at maitama. Tulad ng binanggit ni Nur Fitria (2018), ang pagsusuri ng error ay lubhang makabuluhan para sa parehong mga mag-aaral at kanilang mga guro. Dapat maghanap ng mga guro ng pinakamabisang paraan upang maibulsa ang pasibong kamalayan ng mga mag-aaral upang matulungan silang magsulat ng may kahulugan.

Ang pagsusuri sa komposisyon ng pagsusulat ay hindi lamang magbibigay ng masusing pagsusuri sa mga akda, kung hindi magbubukas din ng oportunidad para sa personalisadong pagtutok sa pangangailangan ng bawat mag-aaral. Ito ay maglilikha ng masusing plano para sa pangkalahatang pag-unlad sa pagsulat at magbibigay ng daan para sa mas mataas na antas ng pagsusulat sa Filipino 10.

Sa pangakalahatan, ang pananaliksik na ito ay naglalayong magkaruon ng malalim na pag-unawa sa mga komposisyon ng pagsusulat at kung paano ito maaaring maging instrumento para sa mas mataas na antas ng pagsusulat sa Filipino 10, na may layunin na mapanatili ang kahusayan sa wika at pagpapahayag ng bawat mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangunahing suliranin na layong tuklasin ng pag-aaral na ito ay nagmumula sa pangangailangan na malaman ang mga karaniwang kamalian sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

Nais ng pag-aaral na sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1) Ano-ano ang mga karaniwang kamalian sa pagsusulat na kadalasang nagiging sagabal sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral kaugnay sa:

1.1. Antas ng salita
1.2. Antas ng pangungusap

2) Ano-ano ang mga rason kung bakit nagkakaroon ng pagkakamaling ito?

3) Batay sa resulta ng pag-aaral, ano ang maaaring interbensyon upang mapa-unlad ang pagsusulat tungo sa mataas na pagganap sa Filipino 10?

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pagsasaliksik na ito ay gumamit ng isang kombinasyon ng metodolohiya; parehong kwalitatibo at kwantitatibo. Ang kwantitatibong metodo ay inilarawan ang pamamahagi ng bilang ng mga pagkakamali ng mga mag-aaral habang isinusulat ang kanilang mga sanaysay. Sa kabilang dako, ang kwalitatibong modo ay ginamit sa pamamagitan ng mga interbyu sa mga partisipante upang suriin ang pinagmulan ng mga pagkakamaling nagawa ng mga mag-aaral habang isinusulat ang kanilang mga sanaysay. Ang disenyo ng pag-aaral ay nagbibigay-daan para sa malalim na pagsusuri sa epekto ng mga ito sa pag-unlad ng mga mag-aaral.

Sa pangkalahatan, ito ay nagbibigay-daan para sa masusing pagsusuri at pag-unawa sa mga kamalian sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

**Tagatugon sa Pananaliksik**

Ang mga partisipante sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral mula sa isa sa pampublikong sekondarya sa Butuan City para sa taong 2023-2024 na kinabibilangan ng apat (4) na seksyon na kung saan nabibilang ang tatlumpu't apat (34) na mag-aaral na binubuo ng dalawampu't walong (28) lalaki at anim (6) na babae. Ang mga partisipanteng ito ay tinukoy batay sa pamantayang isinagawa ng mananaliksik na nakakuha ng markang not mastered sa mga kasanayan na nakatutok sa pagsusulat.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Talahanayan 1**
**Mga Partisipante sa Pag-aaral**

| Baitang at Pangkat | Bilang ng Mag-aaral |
|---|---|
| Grade 10 - Copernicus | 13 |
| Grade 10 - Descartes | 9 |
| Grade 10 - Kepler | 7 |
| Grade 10 - Pearson | 5 |
| **Kabuuan** | **34** |

**Lokasyon ng Pananaliksik**

Ang pagsusuri sa komposisyon ng pagsusulat ay isinagawa sa isa sa pampublikong sekondarya sa Butuan City. Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng mga mag-aaral mula Ikasampung Baitang na nag-aaral ng asignaturang Filipino. Ang pagpili sa naturang paaralan ay nagmula sa layunin na masusing pag-aralan ang mga kamalian sa pagsusulat at magbigay ng mga epektibong pagsasanay para sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

**Instrumento ng Pananaliksik**

May dalawang instrumento ang pananaliksik:

Una, ang mga komposisyong nagmula sa tatlumpu't apat (34) na mag-aaral na tatayahin gamit ang isang pamantayan. Ang pamantayan ay isang tseklist tungkol sa kung anong mga pagkakamali ang nagawa ng mga mag-aaral batay sa baybay, gamit na salita, pang-abay, pang-angkop, pangatnig, panghalip, pang-ukol, pang-uri, panlapi, at pantukoy. Ang tseklist ay ginamit upang bilangin kung makailang ulit nagkamali ang mga mag-aaral.

Pangalawa, ang panayam. Gagawin ang panayam upang masagot ang ikalawang katanungan sa pananaliksik na ito na kung ano-ano ang mga rason kung bakit nila nagawa ang mga natukoy na kamalian sa kanilang mga komposisyon. Ang mga gabay na tanong na ginamit sa panayam ay ipinakita at pinagtibay ng mga tagapagtasa upang masiguradong ito ay tama at wasto.

**Etikal na Pagsasaalang-Alang**

Sa pagbuo ng proposal na ito para sa pagsusuri sa komposisyon ng pagsusulat, mahalaga ang pagbibigay-pansin sa mga aspeto ng etika na magiging pundasyon ng maayos at responsableng pag-aaral.

Una, kinakailangan tiyakin ang pagkakaroon ng pahintulot mula sa mga pamunuan ng paaralan, kung saan ginawa ang pagsusuri. Mahalaga ring siguruhing ligtas at kapani-paniwala ang lahat ng impormasyon ng mga partisipante, at ito'y gagamitin lamang para sa layunin ng pag-aaral.

Pangalawa, ipinaalam sa mga partisipante at sa kanilang mga magulang ang ginawang pananaliksik at pinalagdaan ang Ethics Informed Consent Form.

Isinulong ang prinsipyo ng pagiging malinaw at maayos na komunikasyon sa pagitan ng mga mananaliksik at mga partisipante. Dapat malinaw sa mga partisipante ang layunin ng pag-aaral, ang kanilang papel, at ang mga posibleng bunga ng pagsusuri. Ang lahat ng mga partisipante ay dapat bigyan ng karapatan na hindi sumali kung nais nila, at maaaring umalis sa pag-aaral anumang oras nang walang anumang panganib sa kanilang kalagayan.

Bilang bahagi ng etika, ipinagbawal ang anumang uri ng diskriminasyon o pagsasamantala sa mga partisipante. Ang lahat ng impormasyon ay dapat ituring na kumpidensiyal, at ang pangalan ng mga indibidwal o institusyon ay hindi ilalabas maliban kung mayroong pahintulot mula sa kanila.

Higit sa lahat, ilalatag ang pangangailangan na ituring ang bawat partisipante na may dignidad at respeto. Hindi dapat lumalabag ang pagsusuri sa anumang aspeto ng kanilang mga karapatan bilang indibidwal. Ang lahat ng hakbang na isasagawa ay dapat sumusunod sa mga etikal na pamantayan sa pagsasaliksik at naglalaman ng mekanismo para sa proteksyon ng mga respondente.

Sa pangkalahatan, ang pangunahing layunin ng etikal na aspeto ng proposal na ito ay tiyakin ang kaligtasan, integridad, at karapatan ng mga partisipante sa pagsusuri, habang nagbibigay daan sa makabuluhang kontribusyon sa larangan ng edukasyon sa pagsusuri ng kamalian sa pagsusulat.

**Istatistikong Ginamit sa Pag-aaral**

Ang sumusunod na kagamitang istatistika ang ginamit upang suriin at bigyan-kahulugan sa nakalap na datos.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Thematic Analysis**. Isang paraan ng pag-aanalisa ng kwalitatibong datos. Sinusuri ng mananaliksik nang mabusisi ang datos upang makilala ang mga pangkaraniwang tema- mga paksa, ideya, at padron ng kahulugan na paulit-ulit na lumalabas (Caulfield 2023).

**Frequency and Percentage Distribution**. Ang "frequency" ay tumutukoy sa bilang ng beses na nagaganap ang isang pangyayari, habang ang "percentage" naman ay tumutukoy sa proporsyon o ratio ng isang partikular na halaga sa kaugnayan sa kabuuan. Ito ay ginamit upang matukoy ang mga karaniwang pagkakamali na ginagawa sa pagsusulat ng komposisyon.

## RESULTA AT DISKUSYON

Ang pag-aaral na ito ay may layuning mabigyan ng masusing pagsusuri ang mga komposisyon sa pagsusulat at magbigay ng solusyon upang mapaunlad ang pagsusulat ng mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang ng Anticala National High School. Binigyang-pansin ang mga nakalap na kasagutan sa mga sumusunod:

**Para sa unang katanungan, ano-ano ang mga karaniwang kamalian sa pagsusulat na kadalasang nagiging sagabal sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral kaugnay sa (1) antas ng salita at (2) antas ng pangungusap.**

A. *Antas ng Salita*

Sa pagsusuri ng mga komposisyong isinulat ng mga partisipante ay nakitang mayroong sampung (10) kamalian sa antas ng salita.

Makikita sa Talahanayan 2 ang mga uri ng kamalian na nagawa ng mga mag-aaral na nasa antas ng salita.

**Talahanayan 2**
**Kadalasang nagiging sagabal sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral kaugnay sa antas ng salita**

| Antas ng Salita | Unang Komposisyon | Ikalawang Komposisyon | Kabuuan | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|
| Baybay | 226 | 285 | 511 | 65.10 |
| Gamit na Salita | 24 | 40 | 64 | 8.15 |
| Pang-abay | 3 | 2 | 5 | 0.64 |
| Pang-angkop | 17 | 31 | 48 | 6.11 |
| Pangatnig | 2 | 4 | 6 | 0.76 |
| Panghalip | 18 | 21 | 39 | 4.97 |
| Pang-ukol | 4 | 8 | 12 | 1.53 |
| Pang-uri | 3 | 3 | 6 | 0.76 |
| Panlapi | 7 | 10 | 17 | 2.17 |
| Pantukoy | 29 | 48 | 77 | 9.81 |
| **Kabuuan** | **333** | **452** | **785** | **100.00** |

Mula sa talahanayan 2 sa itaas, makikita na ang mga nagawang pagkakamali ng mga mag-aaral sa kanilang komposisyon ay tungkol baybay, gamit na salita, pang-abay, pang-angkop, pangatnig, panghalip, pang-ukol, pang-uri, panlapi at pantukoy. Makikita sa mga datos ang dalas at bahagdan ng bawat kamaliang nagawa sa bawat komposisyon.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Batay dito, makikita natin na ang baybay ang may pinakamaraming bilang ng pagkakamali. Ito ay nakakuha ng 226 na mali sa unang komposisyon at 285 naman sa ikalawang komposisyon at may kabuuang 511 na bilang ng pagkakamali at nasa 65.10% mula sa kabuuang pagkakamali. Sumunod sa baybay ay ang pantukoy na nasa 9.81% mula sa kabuuang pagkakamali at ang may pinakamababang bilang ng pagkakamali naman ay ang pang-abay na nasa 0.64% lamang mula sa kabuuang pagkakamali.

Ibig sabihin, ang paggamit ng tama at wastong baybay ang ang pinakamahirap para sa mga mag-aaral kaya ito ay nagresulta sa maraming kamalian. Kadalasan sa mga maling pagbaybay na kanilang nagawa ay ang paggamit sa letrang 'o' at 'u' gayundin ang letrang 'e' at 'i'.

Sa paggamit ng pantukoy, maraming nagkakamali rito dahil nababalewala na ang kagamitan nito. Dahil nga makabago na ang mga kabataan ngayon, makabago na rin ang kanilang pamamaraan sa paggamit ng wika. Idagdag pa ang pambabalewala sa ganitong mga pagkakamali ang nag-aalaga sa pagdami ng mga suliranin sa wika, at sa hindi nito pagiging istandardisado (Salvador, 2012). Samantala, ang mga mag-aaral ay may pinakamababang pagkakamali sa paggamit ng pang-abay. Ibig sabihin, hindi sila masyadong nahirapan sa paggamit nito at mataas ang kanilang kakayahan sa paggamit nito kung ikukumpara sa ibang kamalian.

Ang resultang ito ay maiuugnay natin sa pag-aaral ni Hussen (2015) kung saan sinuri niya ang mga problema sa pagsulat ng komposisyon sa gitna ng mga mag-aaral ng ika-sampung baitang sa Bedeno Secondary School, partikular na nakatuon sa pagsusulat ng talata. Natukoy ng pag-aaral ang ilang isyu, kabilang baybay, bilang pangunahing hamon na hinaharap ng mga mag-aaral.

Ang resulta ay maiuugnay din natin sa pag-aaral ni Tubera (2024) na isinagawa sa isang pampribadong institusyon sa Lungsod ng Tagum, kung saan natuklasan ng kanyang pagsusuri na sa kategorya ng pagkukulang ay natuklasan ang kamalian gaya ng baybay ng salita.

Gayundin, sa pag-aaral ni Fitria (2020). kung saan natuklasan na may ilang mga pagkakamali sa mga resulta ng mga sanaysay ng mga mag-aaral sa aspeto ng pagbaybay. Natukoy ang mga pagkakamali sa pagbaybay bilang karaniwang mga pagkakamali na ginagawa ng mga mag-aaral sa Ingles bilang ikalawang wika sa kanilang pagsusulat.

Sa pag-aaral naman nina Pescante-Malimas & Samson (2017) sa Linguistics, Literature, and Advertising Arts majors sa kanilang mga klase sa thesis proposal noong unang semestre ng 2016–2017 sa University of San Carlos, Philippines, natukoy nila na ang isa sa pangunahing pagkakamaling nagawa ay ang pagbabaybay

*B. Antas ng Pangungusap*

Makikita sa Talahanayan 3 ang mga uri ng kamalian na nagawa ng mga mag-aaral na nasa antas ng pangungusap.

**Talahanayan 3**
**Kadalasang nagiging sagabal sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral kaugnay sa antas ng pangungusap**

| Antas ng Pangungusap | Unang Komposisyon | Ikalawang Komposisyon | Kabuuan | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|
| Aspekto ng Pandiwa | 60 | 63 | 123 | 8.80 |
| Ayos ng Salita | 5 | 10 | 15 | 1.07 |
| Bantas | 202 | 233 | 435 | 31.12 |
| Nakaligtaan (Omission) | 27 | 23 | 50 | 3.58 |


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Paggamit ng Malaking letra (Capitalization) | 316 | 315 | 631 | 45.14 |
| Pag-uulit | 74 | 70 | 144 | 10.30 |
| **Kabuuan** | **684** | **714** | **1398** | **100.00** |

Sa antas ng pangungusap , makikita sa pagsusuri na mayroong anim (6) na kamalian ang nagawa ng mga mag-aaral sa nasabing antas. Ito ay ang ayos ng mga salita, nakaligtaan (omission), aspekto ng pandiwa, pag-uulit, bantas at paggamit ng malaking letra (capitalization).

Mula sa talahanayan 3 sa itaas, makikita at mapapansin na ang may pinakamababang uri na nagawang pagkakamali ay ang ayos ng salita. Ito ay nasa 1.07% lamang ng kabuuang kamalian na nagawa na nasa antas ng pangungusap habang ang paggamit ng malaking letra (capitalization) na nasa 45.14% na siyang may pinakamataas na bahagdan sa lahat ng uri ng nagawang kamalian na sinundan naman ng bantas na nasa 31.12%.

Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay may mas mataas na kasanayan sa paggamit o pag-ayos ng mga salita habang may pinakamababang kasanayan sa paggamit ng malaking letra at bantas kung saan ang mga kasanayang ito ay dapat matutunan sa elementarya partikular sa una hanggang ikalimang baitang.

Batay sa pagsusuri ng mga resulta, ito ay maiuugnay natin sa pag-aaral noong 2013 na isinagawa ni Cabansag sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa laboratoryong mataas na paaralan sa isang Pamantasan sa Cagayan Valley, Pilipinas, lumalabas sa mga natuklasan na maraming mag-aaral ang nangangailangan ng mas mahusay na kasanayan sa mekanika, lalo na sa paggamit ng malaking titik at bantas. Ipinapakita rin ng kanyang pag-aaral na ang pagbuo ng mga pangungusap ay patuloy pa ring isang seryosong suliranin kapag hinihiling sa mga mag-aaral na magsulat. Kailangan pang pagbutihin ng mga mag-aaral sa Pilipinas ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng sariling wika.

Ang bantas ay pangalawang pinakamataas na mga pagkakamali, na tumutugma sa mga natuklasan ni Alfonso (2016) at sa mga pag-aaral nina Almejas & Arago (2017). Natukoy nila na ang maling paggamit ng mga tuldok ay isa sa pinakakaraniwang mga pagkakamali sa komposisyon ng mga mag-aaral sa Pilipinas sa kanilang mga isinulat habang sa pag-aaral na ginawa ni Catabay (2016) ay nagpakita na ang pinakakaraniwang mga pagkakamali na nagawa ng mga mag-aaral sa kategoryang mekanikal ay ang maling paggamit ng bantas.

Sa pag-aaral ni Lasaten (2014), inalisa niya ang mga karaniwang pagkakamali sa lingguwistika sa mga pagsulat sa Ingles ng mga mag-aaral ng edukasyon. Ang isa sa pinakakaraniwang mga pagkakamali ay ang bantas. Ang natuklasan na ito ay katulad ng naging resulta ni Alinsunod (2014) kung saan ang mga pagsulat ng kanyang mga Filipino respondent ay nagpakita rin ng mga problema sa bantas at paggamit ng malalaking titik.

**Para sa ikalawang katanungan, ano-ano ang mga rason kung bakit nagkakaroon ng pagkakamaling ito?**

Nagsagawa ng isa-isang panayam ang mananaliksik sa dalawampung (20) partisipante.

**Ang Tematikong Kasagutan ng mga Mag-aaral sa Panayam**

Batay sa naging resulta ng ginawang panayam ay lumabas na may tatlong (3) mga rason kung bakit ito nagawa. Ito ay ang hindi pamilyar na salita kung saan napapaloob dito ang bokabularyo at kasanayan sa paggamit ng salita; kahandaan sa pagsusulat kung saan napapabilang ang pasibo, kasanayan sa pagsulat at pagmamadali; at ang wastong pagramatikang pagsulat kung saan napapaloob din dito ang epekto ng social media at gramatika at istruktura.

Makikita sa Talahanayan 4 ang mga Tematikong Kasagutan ng mga mag-aaral pagkatapos sumulat ng sanaysay sa wikang Filipino.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Talahanayan 4**
**Ang Tematikong Kasagutan ng mga Mag-aaral**

| Tema | Sub-Theme | Halimbawa ng Pahayag | Dalas | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|
| **Hindi Pamilyar na Salita** | • Bokabularyo | M20: "Lisud man ang Filipino mam uy. daghan kaayo ug words nga laglom. Lisud kaayo sabton." | 20 | 33.33% |
| | • Kasanayan sa Paggamit ng Salita | M9: "Mas dali man gamiton ang engslish mam kay mas anad man mi gamiton na. Mao bitaw sigi mi ug pangutana usahay mam ug unsay english ana nga word." | | |
| **Kahandaan sa Pagsusulat** | • Pasibo | M2: "Di naman ko mag mind mam ui ug unsay akong nabutang. Basta kay makasulat ko." | 20 | 33.33% |
| | • Kasanayan sa Pagsulat | M13: "Kapoy man magsulat gyud mam. Di ko ganahan." | | |
| | • Pagmamadali | M16: "Kanang usahay mam magdali-dali nako para dali mahuman. Di na nako basahon ang akong gisulat." | | |
| **Wastong Pagramatikang Pagsulat** | • Epekto ng Social Media | M5: "Mao mana mam akong makit-an sa facebook." | 20 | 33.33% |
| | • Gramatika at Istruktura | M18: "Di ko kabalo sa spelling mam. Lisud man sad ang Filipino mam uy." | | |
| | | M4: "Ing.ani man ko magsulat sukad pa sauna mam." | | |
| **Kabuuan** | | | **60** | 100% |

Mula sa talahanayan 4 sa itaas, makikita at mapapansin na pantay ang tatlong tema ng nakuhang kabuuang bilang at bahagdan. Kapwa ito nakakuha ng 20 bilang at may 33.33%. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay may magkakaparehong rason kung bakit nila nagawa ang mga naturang pagkakamali.

**Tema 1. Hindi Pamilyar na Salita.**

Batay sa resulta ng panayam, nagpakita na ang isa sa rason kung bakit nagkakamali ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanayasay ay hindi sila pamilyar sa ibang salita at mas sanay sila sa Ingles. Bilang karagdagan, hindi nila maintindihan o alam ang kahulugan ng ibang salita kaya ginagamit na lamang nila ang salitang kolokyal o ang salitang ginagamit nila sa pang-araw-araw. Katulad na lamang ng sinabi ni M20 at M9:

"Lisud man ang Filipino mam uy. Daghan kaayo ug words nga laglom. Lisud kaayo sabton" (M20).

"Mas dali man gamiton ang English mam kay mas anad man mi gamiton na. Mao bitaw sigi mi ug pangutana usahay mam ug unsay english ana nga word" (M9).

Ayon sa pag-aaral nila Virador (2019), isinasaad na marami ang nahihirapan sa paggamit ng purong salitang Filipino lalo na pagdating sa pag-angkop ng mga teknikal na ideya at salitang hiram mula sa Ingles.

**Tema 2. Kahandaan sa Pagsulat.**

Batay sa pananaliksik nina Budjalemba at Listyani, (2020), ang pagiging handa ng mga mag-aaral sa pagsulat ay naaapektuhan ng dalawang bagay. Ang mga internal na salik ay kinabibilangan ng pakiramdam ng labis na presyon, kakulangan ng kaalaman, kumpiyansa sa sarili, at pagganyak sa sarili. Ang mga salik sa external ay kinabibilangan ng istilo ng pagtuturo ng guro, kakulangan sa pagbasa ng mga literatura at kasanayan sa pagsulat gamit ang iba't-ibang elemento sa pagbuo ng sulatin. Maraming mag-aaral ang hindi handa na sumulat lalo na kung

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

walang interes ito sa kanyang susulatin, ngunit kung sasanayin at pagyayabungin natin maari silang makasulat ng anumang naising akda tulad ng sinabi nina:

"Di naman ko mag mind mam ui ug unsay akong nabutang. Basta kay makasulat ko" (M2).

"Kapoy man magsulat gyud mam. Di ko ganahan" (M13).

"Kanang usahay mam magdali-dali nako para dali mahuman. Di na nako basahon ang akong gisulat" (M16).

Alinsunod sa pag-aaral ni Merjen (2019), ang pagbuo ng mga kasanayan sa pagbabasa ay makakatulong sa pagpapabuti ng kakayahan ng pagsusulat ng mga mag-aaral.

**Tema 3. Wastong Pangramatikang Pagsulat**

Ang pagpapabuti ng komunikasyon ng bawat mag-aaral ay isang layunin ng pangkasalukuyang kurikulum ng Filipino. Ang kakayahang panggramatika ay isa sa mga aspeto na dapat malinang sa mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kakayahang komunikasyon. Kung gayon, ang pagtuon sa kakayahan ng mga mag-aaral sa math ay mahalaga para sa layunin ng kurikulum sa Filipino (Lartec at Perey, 2012). Marahil hindi lingid sa kaalaman ng lahat na madalas ang pagkakamali ng mga mag-aaral sa gramtika ng kanilang mga sulatin lalo na sa ating sariling wika. Sa katunayan, ayon kayla M5: "Mao mana mam akong makit-an sa facebook." Para naman kina M18 at M4:

"Di ko kabalo sa spelling mam. Lisud man sad ang Filipino mam uy." "Ing.ani man ko magsulat sukad pa sauna mam" (M18 at M4).

Batay sa pag-aaral ni Misa (2021), inilahad nito na ang mga tagatugon na may kakayahan sa panggramatikang Filipino ng "Beginning" sa pagpili ng mga tamang salita, kayarian ng pangungusap, at lohikal na organisasyon ng mga pangungusap. Samantala, "Developing" naman sa tamang paggamit ng salita, ayos ng pangungusap, pagbuo ng pangungusap, at mekanika ng pangungusap

Ang mga resulta ay tumutugma sa pag-aaral ni Labicane & Olivia (2022) na ang mga pagkakamaling ito ay maaaring maugnay sa kakulangan ng pagtuon sa mga patakaran ng gramatika sa pangalawang wika at ang malakas na impluwensya ng katutubong wika.

Kasama rin sa pag-aaral ni Quibol-Catabay (2016), ang kakulangan sa bokabularyo ay naglimita sa kanilang pang-unawa sa kahulugan ng mga salita.

Ang resulta ay katulad din sa mga pag-aaral na isinagawa ni Jabali (2018) at Latif (2012), na nag-ulat na madalas na mayroong mababang kumpiyansa sa sarili ang mga mag-aaral sa pagsusulat dahil sa mga isyu kaugnay ng wika, tulad ng kakulangan sa pagmamaster ng bokabularyo o pangkalahatang kakayahan sa wika.

**Para sa ikatlong suliranin, batay sa resulta ng pag-aaral, ano ang maaaring interbensyon upang mapa-unlad ang pagsusulat tungo sa mataas na pagganap sa Filipino 10?**

Ang pagsusuri ng kamalian ay mahalaga para sa mga guro upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito, mayroon nang impormasyon ang guro upang mapabuti ang metodolohiya kasama na ang silabus, materyales sa pagtuturo, at mga pamamaraan sa pagtuturo (Agustinasari, Evi, et.al., 2022)

Sa pagbuo ng mga materyales sa pagtuturo para sa pagtuturo ng gramatika, dapat isaalang-alang ang pagsusuri ng kamalian. Ang pagsusuri ng kamalian ay may benepisyo upang makuha at maayos na maayos ang mga piling at sunud-sunod na mga grammatical na item para sa paksa ng estratehiya. Ang pagsusuri ng kamalian ay tumutulong sa mga guro na mas maunawaan ang mga difficulty ng kanilang mga mag-aaral, at upang maipaliwanag ito, ayon kay Al-Shujairi at Tan (2017).


Ang mga materyales sa pag-aaral ay maaaring makatulong ng malaki sa tagumpay ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtugon sa kanilang pangangailangan sa pag-aaral (The Open University, 2020).

Batay sa resulta ng pag-aaral, gumawa ang mananaliksik ng isang modyul na maaaring gamitin bilang interbensyon upang mapataas ang kanilang kakayahan at pagganap sa Filipino 10. Ang modyul na ito ay binubuo ng limang (5) aralin. Ang mga araling ito ang batay sa resulta ng pananaliksik kung saan may tatlong (3) paksa ang nakakuha ng pinakamataas na nagawang pagkakamali.

Ang layunin ng modyul na ito ay palakasin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsusulat at mapalawak ang abilidad ng mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong. Sa pamamagitan nito, inaasahan na ang mga mag-aaral ay magiging mas mahusay sa pagsusulat at lalakas ang kanilang kakayahan.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181




**Konklusyon**

Napatunayan na mahalaga ang masusing pagsusuri sa pagsusulat ng mga mag-aaral, lalo na sa Ikasampung Baitang sa isang pampublikong paaralan sa Butuan City, dahil natukoy nito ang mga karaniwang pagkakamali sa antas ng salita at pangungusap. Sa pamamagitan nito, nagiging posible ang pagbibigay ng angkop na solusyon upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsusulat. Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang kakulangan sa kaalaman sa gramatika at pamilyaridad sa mga salita ay ilan sa mga pangunahing sanhi ng mga pagkakamali. Bukod dito, ang ginawang modyul ay magsisilbing mahalagang kasangkapan upang maisanay ang mga mag-aaral at maiangat ang kalidad ng kanilang pagsusulat. Sa kabuuan, ang pagsusuring ito ay mahalaga hindi lamang sa kasalukuyang pagkatuto ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa kanilang paghahanda para sa mas mataas na antas ng edukasyon at mga hamon sa hinaharap.

**Rekomendasyon**

Matapos ang masusing pananaliksik, inirekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod: una, dapat tugunan ng mga guro ang pangangailangan ng mga mag-aaral na maunawaan ang wastong paggamit ng balarila at ortograpiyang Filipino upang mapataas ang kanilang kakayahan sa pagsusulat; ikalawa, kailangang magpatupad ng mga epektibong estratehiyang pampagtuturo na magpapahusay sa kahandaan at kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit ng tamang balarila at ortograpiya, na makatutulong din upang maiwasan ang negatibong pananaw nila sa wikang Filipino; at ikatlo, hinihikayat ang paggawa ng mas masusing pag-aaral upang masuri ang bisa ng nabuong modyul bilang interbensyon na maaaring gamitin hindi lamang sa kasalukuyang distrito kundi pati sa ibang dibisyon.

**TALASANGGUNIAN**

Alfonso, V. (2016). Common Errors Committed By Freshman Education Students in their Written English Composition and their Relationship to some Science Variables. International Journal of Education and Reseach. Vol.4 No. 5 May 2016.

Agustinasari, Evi, et. Al. (2022). A Review on Error Analysis Stages in Teaching English Structure (PDF). Available from: https://www.researchgate.net/publication/361844460_A_Review_on_Error_Analysis_Stages_in_Teaching_English_Structure#fullTextFileContent

Alinsunod, J. (2014). A study on common writing errors of engineering students: A basis for curriculum development. European Journal of English Language and LiteratureStudies 2(3), 7–15.

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Almejas, B., & Arago, E. (2017). A Corpus - Based Analysis of Student's Composition Writing. International Conference on Literature, Humanities and Social Science (LHSS-17).

Al-Shujairi, Y. B. J., & Tan, H. (2017). Grammar errors in the writing of Iraqi English language learners. International Journal of Education and Literacy Studies, 5(4),122–130.

Barrientes, A. N. M. (2018) Bisa ng paggamit ng aklat sa malikhaing pagsulat sa ikapitong grado. Mula sa https://ejournals.ph/article.php?id=10672

Bartholomae (2014) Pagkatuto ng lengguwahe sa konteksto. Campbridge: Campbridge University Press

Bonyadi, A., & Lachin, J. (2018). On the Differential Effects of Individual and Collaborative Written CorrectiveFeedback on the Accuracy of Iranian Female EFL Learners" Writing. International Journal of English and CulturalStudies, 1(2), 33. Mula sa https://doi.org/10.11114/ijecs.v1i2.3657

Brink, S. (2020). The Importance of Writing Skills. Electronic Platform for Adult Learning in Europe.

Budjalemba, A., & Listyani, L. (2020). Factors contributing to students' difficulties in academic writing class: students' perceptions. UC Journal, Vol. 1 No. 2. Mula sa https://www.researchgate.net/publication/348363193_FACTORS_CONTRIBUTING_TO_STUDENTS%27_DIFFICULTIES_IN_ACADEMIC_WRITIG_CLASS_STUDENTS%27_PERCEPTIONS

Cabansag. J (2013), Good Writing and Habit of students. Hangu mula sa https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/0002764218772673?journalCode=absb

Caulfield, J. (2023, June 22). How to Do Thematic Analysis | Step-by-Step Guide & Examples. Scribbr. Retrieved April 14, 2024, from https://www.scribbr.com/methodology/thematic-analysis/

Fitria, T. N. (2020). SPELLING ERROR ANALYSIS IN STUDENTS' WRITING ENGLISH COMPOSITION. Getsempena English Education Journal (GEEJ) Vol.7 No.2 Nov. 2020. DOI: 10.46244/geej.v7i2.988. Mula sa https://www.researchgate.net/publication/346588908_Spelling_Error_Analysis_in_Students'_Writing_English_Composition

Hussen, M. (2015). Assessing Students' Paragraph Writing Problems: The Case of BEDENO Secondary School, Grade 10 English Class In Focus (Unpublished Master Thesis), Malaysia. Retrieved on March 7, 2018 from https://goo.gl/p4EgNK

Jabali, O. (2018). Students' Attitudes towards EFL university writing: A case study at An-Najah National University, Palestine. Heliyon, 4, 1-25. Mula sa https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2018.e00896

Klein, P. D., & Boscolo, P. (2016). Trends in research on writing as a learning activity. Journal of Writing Research, 7(6), 311–350. Mula sa https://doi.org/10.17239/jowr-2016.07.03.01

Labicane, G.E.M., & Oliva, R.M.M. (2022). Common Errors in Composition Writing by College Students. Laguage Literacy: Journal of Linguistic, Literature, and Laguage Teaching,6(1), 1-6. DOI:10.30743/ll.v6i1.4975. Rertrived from https://jurnal.uisu.ac.id/index.php/languangeliteracy

Latif, M. M. A. (2012). Sources of L2 writing comprehension: a study of Egyptian University Students. Journal of Research in Reading,00(00), 1-19. Mula sa https://doi.org/10.1111/j.1467-9817.2012.01549x

Lartec, N. C., & Perey, G. M. (2012). Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa University of Cordilleras. Academia. Mula sa https://www.academia.edu/34737551/Kakayahang_Panggramatika_sa_Filipino_ng_mga_Mag_aaral_sa_University_of_the_Cordilleras

Lasaten, R. C. (2014). Analysis of errors in the English writing

Misa, R. M. (2021) .Kakayahan Sa Panggramatikang Filipino Ngmga Mag-Aaral Ng Grade 9 Laboratory High School Ng President Ramon Magsaysay State University. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR). e-ISSN :2378-703X. Volume-5, Issue-10, pp-58-68. Hangu mula sa www.ajhssr.com

Pescante-Malimas, M. A., & Samson, S. C. (2017). Linguistic Error Analysis on Students' Thesis Proposals. University of San Carlos, Philippines. IAFOR Journal of Language Learning Volume 3 – Issue 2 – Winter 2017. Hangu mula sa https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1167267.pdf

Quibol-Catabay, M. (2016). ERROR ANALYSIS ON STUDENTS' WRITING. International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences. Vol. 5 No. 1. www.garph.co.uk

Salvador, Mark Anthony S. (2012). Pilosopiya sa Papel. Hangu mula sa https://pilosopiyasapapel.blogspot.com/2012/11/ang- pantukoy-at-paghalip-sa-ika-21-siglo.html

The Open University. (2020). TEACHING & LEARNING MATERIALS: Purpose of teaching and learning materials. Hangu mula sa https://www.open.edu/openlearncreate/mod/page/view.php?id=168509

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

The University of Arizona Global Campus. (2021). The Importance of Writing Well & How to Grow as a Writer. Hangu mula sa https://www.uagc.edu/blog/the-importance-of-writing-well-how-to-grow-as-a-writer

Tubera, F. D. (2024). Paggalugad Sa Mga Kamalian Sa Mga Sulatin Sa Filipino Ng Mga Dayuhang Mag- Aaral: Isang Pagsusuri. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research. Vol 2 No 1. Hangu mula sa https://doi.org/10.5281/zenodo.10472615

Virador, F. A. (2019). Identity construction using English as lingua franca in an online English class. Univ. of Min. Intl. Mult. Res. Jour. 2019, 4(1), 1-12 1. Hangu mula sa http://journal.umindanao.edu.ph/wpcontent/uploads/2019/12/412-Identity- construction-using-English-as-lingua-franca-in-an-onlineEnglish-class.pdf